Republika ng Pilipinas

# Kagawaran ng Edukasyon

**REHIYON III**

**TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN**

---

Nobyembre 4, 2025

Sa: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Punong Guro ng mga sumusunod na Paaralan

1. Calumpit National High School
2. Dr. Felipe De Jesus NHS
3. San Roque National High School
4. Guiguinto NVHS
5. Felizardo C. Lipana NHS

Pansangay na Project Development Officer I – Youth Formation Coordinators

Ang parangal para sa mga nagwagi sa Gintong Kabataan Awards (GKA) 2025 ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay isasagawa sa Nobyembre 7, 2024 (Biyernes), sa ganap na ika-1:00 ng hapon sa The Pavilion, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Kaugnay nito sa liham na ipinadala ng Panlalawigang Tanggapan sa Pagpapaunlad ng Kabataan at Isports sa pamumuno ni Abgdo. Nikki Manuel S. Coronel ay hinihiling na magpadala ng dalawampung (20) mag-aaral na mga opisyales ng Supreme Student Learner Government (SSLG) at Youth for Environment in Schools Organization (YES-O) upang masaksihan ang kanilang mga kapwa kabataan na nagtagumpay sa iba't-ibang larangan.

Hinihiling na tupdin ang mga sumusunod na paalala para sa mga mag-aaral na dadalo:

1.) Nakasuot ng school uniform at ID;
2.) Mayroong kasamang isang (1) gurong tagapayo
3.) Boluntaryo ang pagsama at mayroong parents/guardians' consent; at
4.) Magkaroon ng service vehicle para sa pagpunta at pag-uwi.

Ang liham na ito ang magsisilbing travel authority ng mga dadalong mag-aaral, gurong tagapayo at Project Development Officer I – Youth Formation Coordinators.

Ang gastusin para sa pamasahe/service vehicle sa pagdalo ay maaaring kunin mula sa school/canteen funds na sasailalim sa tamang pagtututos.

Para sa kabatiran, gabay at kaukulang pagtalima.

**CECILIA E. VALDERAMA, PhD, CESO VI**
Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Namumuno, Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
**Blg. 128 s. 2025**

---

**Address:** Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
**Website:** *https://bulacandeped.com*
**Email:** *bulacan@deped.gov.ph*

LALAWIGAN NG BULACAN 1578 SAGISAG

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN**
LUNGSOD NG MALOLOS

Management System ISO 9001:2015 TÜVRheinland CERTIFIED www.tuv.com ID 9105086309

## PANLALAWIGANG TANGGAPAN SA PAGPAPAUNLAD NG KABATAAN AT ISPORTS

Bulacan RECEIVED NOV 04 2025 By:

Oktubre 6, 2025

**DR. CECILIA E. VALDERAMA**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent
Lalawigan ng Bulacan

Mahal na **Dr. Valderama:**

Isang mainit na pagbati!

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan, sa pamamagitan ng Provincial Youth and Sports Development Office (PYSDO), ay muling magsasagawa ng **GINTONG KABATAAN AWARDS (GKA)** para sa taong 2025. Ang GKA ang natatanging parangal para sa mga kabataang Bulakenyo na nagpamalas ng natatanging husay at galing sa ibat-ibang larangan.

Kaugnay nito, magalang naming inaanyayahang dumalo ang isang daang (100) mag-aaral mula sa Mataas na Paaralan ng inyong dibisyon (Student Government Officers – Grade 10,11,12) upang saksihan ang nasabing gawain sa ika-7 ng Nobyembre, 2025, Biyernes, ganap na ika-1:00 ng hapon sa The Pavilion, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan. Gayundin, aming hinihiling na manatili ang mga mag-aaral hanggang sa matapos ang programa.

Pauna na ang aming pasasalamat at inaasahan namin ang inyong positibong pagtugon sa aming paanyaya.

Lubos na sumasainyo,

[redacted]

**ABGDO. NIKKI MANUEL S. CORONEL**
Nanunungkulang Punò